



Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California

Mga Kabayaran ng Kabuuang Halaga at Pagiging Karapat-dapat sa SSI

Oktubre 2017, Lat. #5604.08

Tandaan: Ang paglalathalang ito ay naglalaman lamang ng pangkalahatang impormasyon. Magkakaiba ang sitwasyon ng bawat isa. Siguraduhing kumunsulta sa isang abogado o tagataguyod na may kaalaman sa mga bagay na ito para sa partikular na payo.

Maraming tao ang may mga tanong tungkol sa kung paano makaaapekto ang kabayaran ng kabuuang halaga (isang beses lamang) sa kanilang pagiging karapat-dapat para sa Seguro sa Dagdag na Kita (SSI, Supplemental Security Income). Tatalakayin ng talaang ito kung paano naaapektuhan ng mga kabayaran ng kabuuang halaga ang pagiging karapat-dapat para sa SSI.

1. Ano ang kabuuang halaga?

Ang kabayaran ng kabuuang halaga na hindi umuulit ay minsanang pagbabayad ng pera na hindi mo inaasahang matanggap muli sa hinaharap. Hindi kasama rito ang iyong buwanang kabayaran ng Segurong Panlipunan tulad ng SSI.

2. Ano ang mga halimbawa ng mga kabuuang halaga?

Kabilang sa mga halimbawa ng mga kabayaran ng kabuuang halaga ang isang-beses na retroactive na tseke ng Segurong Panlipunan, retroactive na mga kabayaran ng Mga Serbisyong Pansuporta Sa Bahay (IHSS, In-

Home Supportive Services), isang regalo, pamana, panalo sa loterya, at perang natanggap upang palitan ang kita o isang pinagkukunan.

3. Paano naapektuhan ng kabuuang halaga ang aking mga benepisyo sa SSI?

Maaaring mabawasan nito ang buwanang SSI na iyong tinatanggap o gagawin ka nitong hindi karapat-dapat para sa SSI. Ito ay dahil sa ang iyong kita at mga mapagkukunan ay makaaapekto sa iyong buwanang halaga ng SSI. Una, mahalagang maunawaan mo ang ilang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa SSI at kung paano tinutukoy ng programang SSI kung magkano ang makukuha mo bawat buwan. Tingnan ang Tanong 7 sa ibaba para sa kung paano tinutukoy ng programang SSI ang iyong pagiging karapat-dapat.

4. Ano ang kita?

Ang kita ay anumang bagay na tinatanggap ng isang indibidwal na pera o katulad na maaaring gamitin upang matugunan ang kanilang pangangailangan para sa pagkain o tirahan.¹ Ang “sa katulad” na kita ay nangangahulungan ng tulong na hindi pera, o tulong sa anyo ng mga bagay o mga serbisyo (tulad ng pagkain o tirahan) sa halip na pera.²

Kaugnay sa pagiging karapat-dapat sa SSI, mayroon ring “pinagtrabahuan” at “hindi pinagtrabahuan” na kita na ginagamit upang tukuyin ang iyong buwanang halaga ng benepisyo. Ang pinagtrabahuang kita ay kita na maaaring tinanggap na pera o katulad at binubuo ng mga sahod, netong mga kita mula sa sariling pagtatrabaho, kabayaran para sa mga serbisyong ginawa sa isang lukob na pagawaan, o mga royalty na kinita ng isang indibidwal kaugnay sa anumang paglalathala ng kanilang trabaho.³ Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pinagtrabahuang kita sa programang SSI, bumisita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0500820000/>.⁴

Hindi pinagtrabahuang kita ay lahat ng kita na hindi pinagtrabahuang kita.⁵ Halimbawa, ang retroactive na mga benepisyo at katulad na suporta⁶ sa Segurong Panlipunan ay itinuturing na hindi pinagtrabahuang kita. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa hindi pinagtrabahuang kita, bumisita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0500830000>. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga katulad na suporta, tingnan ang aming

paglalathala sa. <https://www.disabilityrightsca.org/publications/ssi-applicants-and-recipients-learn-about-in-kind-support-and-maintenance-ism>

Ang ilang hindi pinagtrabahuang kita ay hindi kabilang sa iyong pagiging karapat-dapat sa SSI. Makikita mo ang listahan ng mga klasipikasyon ng hindi pinagtrabahuang kita na hindi kabilang sa pagiging karapat-dapat sa SSI dito: https://www.ssa.gov/OP_Home/cfr20/416/416-1124.htm at <https://secure.ssa.gov/apps10/poms.nsf/lnx/0500830099>.⁷

Mayroon ring mga bagay na hindi itinuturing na kita.⁸ Ang isang bagay ay hindi kita kung ito ay hindi pagkain o tirahan, o ito ay hindi magagamit upang makakakuha ng pagkain o tirahan.⁹ Halimbawa, kung may isang taong nagbabayad para sa iyong medikal na mga singil, iyong singil sa telepono, iyong singil sa manggagamot ng hayop, o tumatanggap ka ng libreng medikal na pangangalaga, ang halagang ito ay hindi itinuturing na kita sa iyo.¹⁰ Gayunpaman, kahit pa ang isang bagay ay hindi itinuturing na kita, maituturing pa rin itong mapagkukunan, na ipinapaliwanag sa ibaba.

Ang ibang mga bagay ay itinuturing na kita ngunit hindi kasama sa pagtukoy ng iyong buwanang kita. Ang unang \$65 ng anumang buwanang pinagtrabahuang kita dagdag ang kalahati ng natitirang mga kita ay hindi kasama para sa mga layunin ng pagkalkula ng benepisyong sa SSI.¹¹ Ang unang \$20 ng anumang buwanang hindi pinagtrabahuang kita ay hindi rin kasama.¹² Mayroong ilang hindi pinagtrabahuang kita na hindi kasama sa programang SSI, tulad ng mga pondo sa paglibing, suporta sa bata, tulong na pang-edukasyon, mga stamp para sa pagkain, at iba pa. Para sa listahan ng mga hindi kasama sa hindi pinagtrabahuang kita, bumisita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0500830099>.

5. Ano ang mapagkukunan?

Ang mapagkukunan ay isang bagay na pinagmamay-ari mo, tulad ng pera, lupa, seguro sa buhay, personal na ari-arian, o anumang iba pa na pinagmamay-ari mo na maaaring ipalit sa pera at gamitin para sa pagkain o tirahan.¹³ Dagdag pa rito, ang natatanggap mo mula sa pagbenta o pagpapalit ng mapagkukunan, tulad ng bahay o kotse, ay hindi itinuturing na kita ngunit sa halip ay mananatiling mapagkukunan. Tingnan ang bahagi 7(d) sa ibaba.

Ang isang indibidwal ay maaari lamang magkaroon ng \$2,000 na halaga ng saklaw na mga mapagkukunan at \$3,000 na halaga ng mga

mapagkukunan para sa mag-asawa sa unang pagkakataon sa unang buwan (hatinggabi sa unang araw ng buwan.)¹⁴ Kung hindi, ikaw ay hindi karapat-dapat para sa kabayaran ng SSI para sa buwang iyon. Nangangahulugan ito na kung tumatanggap ka ng kabayaran na magiging kabilang na mapagkukunan sa susunod na buwan, dapat mong gastusin hanggang sa \$2,000 (\$3,000) na lebel ng kabilang na mapagkukunan bago ang *simula* ng buwan kasunod ng pagtanggap upang manatiling karapat-dapat para sa SSI. *Tandaan:* Ang halaga ng pera sa iyong bank account sa unang araw ay ang halagang pinapakita na binabawas ang anumang natitirang mga tseke (mga tsekeng hindi pa nabayaran mula sa iyong account.)¹⁵

Ilang mga bagay ay hindi kasama mula sa mga mapagkukunan, na nangangahulugan na hindi sila kabilang sa iyong limitasyon ng mapagkukunan. Ang mga ito ay hindi kasamang mga mapagkukunan. Kabilang dito ang mga bagay sa sambahayan, kotse,¹⁶ tulong sa pabahay, o lugar na paglilingan.¹⁷ Para sa dagdag na mga halimbawa ng mga hindi kasamang mapagkukunan, bumisita sa https://www.ssa.gov/OP_Home/cfr20/416/416-1210.htm¹⁸

6. Ano ang pagpapalagay?

Minsan ang kita at mga mapagkukunan¹⁹ ng iyong asawa o mga magulang (kung ang isang bata ay wala pang 18 gulang) ay maaaring kabilang sa iyong pagiging karapat-dapat para sa SSI. Tinatawag itong “pagpapalagay.” Ang ipinapalagay na kita ay bahagi ng kita ng iyong asawa na kasama mo sa tirahan, iyong (mga) magulang na kasama mo sa tirahan, o iyong isponsor (kung ikaw ay isang dayuhan), na ginagamit ng SSI upang kalkulahin ang halaga ng iyong kabilang na kita at samakatuwid ang iyong pagiging karapat-dapat sa benepisyo sa SSI.²⁰ Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapalagay ng asawa, bumisita sa <https://www.ssa.gov/ssi/text-income-ussi.htm>²¹ Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapalagay para sa mga batang wala pang 18 gulang, bumisita sa <https://www.ssa.gov/ssi/spotlights/spot-deeming.htm>²²

Kung ikaw ay isang batang tumatanggap ng SSI, anumang mga mapagkukunan lampas sa \$2,000 para sa nag-iisang magulang o \$3,000 para sa dalawang magulang na kasama mo sa tirahan ay ipagpapalagay sa iyo. Bilang tumatanggap ng SSI, karapat-dapat ka sa iyong sariling \$2,000 na rasyon ng mapagkukunan. Ang account sa pagretiro na

pagmamay-ari ng isang magulang o ng isang asawa ay hindi saklaw at hindi maipapalagay kung ang magulang at asawa ay hindi tumatanggap ng SSI.

7. Paano tinutukoy ng programang SSI kung magkano ang makukuha kong SSI bawat buwan?

Ang SSI ay isang batay sa pangangailangan na programa sa dagdag na kita para sa karapat-dapat na mga indibidwal na may kapansanan, bulag, o 65 taong gulang pataas na may limitadong kita at may ilang mga mapagkukunan.²³ Ito ay isang programa sa dagdag na kita dahil layunin nito ang magbigay ng karagdagang kita sa kita at mga mapagkukunan na tinatanggap na ng isang indibidwal. Tinutukoy ng Pamamahala ng Segurong Panlipunan (SSA, Social Security Administration) ang iyong pagiging karapat-dapat para sa SSI batay sa halaga ng kita at mapagkukunan na mayroon ka. Tandaan, hindi ka maaaring magkaroon ng higit sa \$2,000 na mapagkukunan bilang isang indibidwal, o \$3,000 bilang mag-asawa. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat, bumisita sa <https://www.ssa.gov/ssi/text-eligibility-ussi.htm>.

Ang halaga ng SSI na iyong matanggap bawat buwan ay tinutukoy ng iyong kapansanan, edad at sitwasyon sa paninirahan. Tingnan ang tsart: <https://www.ssa.gov/pubs/EN-05-11125.pdf>. Ang halaga ay binabawasan ng anumang kabilang na kita na mayroon ka. Ang kabilang na kita ay ang halaga ng kita na natitira pagkatapos ng lahat ng naaangkop na hindi kasama sa mga kita.²⁴

Kung ang iyong kabilang na kita ay higit sa tinatanggap mong benepisyo sa SSI, ikaw ay hindi magiging karapat-dapat para sa SSI sa buwan na tumanggap ka ng kitang iyon.²⁵ Kung ang kabilang na kita na iyon ay mas mababa sa halaga ng kabayaran ng benepisyo sa SSI, ang kabilang na kita ay ibabawas kada dolyar mula sa kabayaran sa SSI na makukuha mo sa susunod na ika-dalawang buwan.²⁶ Ang prosesong ito na gumagamit ng iyong kita mula sa nakaraang buwan upang kalkulahin ang mga benepisyo sa kasalukuyang buwan ay tinatawag na retrospective na buwanang pagkwenta. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa retrospective na pagkwenta, bumisita sa <https://secure.ssa.gov/poms.Nsf/lnx/0502005001>.

Payo sa Pagsasanay: Kung alam mo na ang kita na iyong tatanggapin sa isang buwan ay makababawas ng halaga ng iyong benepisyo sa SSI o magiging sapat na mataas upang gawin kang hindi karapat-dapat para sa anumang SSI na kita, inirerekomenda namin na kapag nag-ulat ka ng kita sa SSI, magsama ka ng isang money order o tseke ng kahero para sa halaga ng sobrang bayad. Sa ganoong paraan, ang iyong mga tseke sa SSI ay magpapatuloy nang walang pagbabawas o pagkaantala.

8. Paano itinuturing ang mga kabayaran ng kabuuang halaga?

Nagdedepende ito sa uri ng kabayaran na iyong tinatanggap.

a. Mga retroactive na kabayaran sa Segurong Panlipunan

Karaniwan, ang retroactive na kabayaran sa Segurong Panlipunan na ibinayad sa ilalim ng Titulo II²⁷ ay itinuturing na hindi pinagtrabahuang kita sa buwan ng pagtanggap.²⁸ Kung ikaw ay tatanggap ng retroactive na kabayaran sa Segurong Panlipunan, ito rin ay isang hindi saklaw na mapagkukunan sa buwan na tinatanggap mo ito at mananatili itong hindi saklaw na mapagkukunan sa susunod na 9 na buwan pagkatapos nyan.²⁹ Kung mayroon ka pang pera pagkatapos ng 9 na buwan, magiging kabilang na mapagkukunan ito para sa pagiging karapat-dapat sa SSI.³⁰

b. Mga kabayaran sa IHSS

- i. Ang mga kabayaran sa IHSS na ibinigay sa hindi karapat-dapat na mga asawa o hindi karapat-dapat na mga magulang

Ang “hindi karapat-dapat” na magulang o asawa ay nangangahulugan na hindi sila tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI. Ang retroactive na kabayaran ng kabuuang halaga sa IHSS na ibinigay sa hindi karapat-dapat na magulang o asawa, na nagbibigay ng mga serbisyo sa kanilang menor de edad na anak o asawa, ay hindi saklaw sa kita sa mga layunin ng pagpapalagay – sa ibang salita hindi ipinagpalagay o kabilang sa bata o asawa na tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI, at samakatuwid hindi nakaaapekto sa kanilang pagiging karapat-dapat.³¹ Ang regular na mga kabayaran sa IHSS sa isang hindi karapat-dapat na magulang o asawa na kasamang nakatira sa parehong sambahayan ay hindi ipinagpalagay sa bata sa SSI.³²

Bagama't ang karaniwang patakaran ay magiging mapagkukunan ang kita sa buwan na tinatanggap mo ito, sa ispesyal na patakaran, ang retroactive na kabayaran ng kabuuang halaga sa IHSS na ibinibigay sa hindi karapat-dapat na magulang o asawa ay hindi saklaw na mapagkukunan sa buwan kasunod ng buwan ng pagtanggap.³³ Gayunpaman, magiging kabilang na mapagkukunan ito sa ikalawang buwan ng kalendaryo kasunod ng pagtanggap at maipagpapalagay sa asawa o bata kung ito ay isang retroactive na kabayaran ng kabuuang halaga sa IHSS.³⁴ Halimbawa, kung ang isang retroactive na kabayaran sa IHSS ay ibinigay sa hindi karapat-dapat na asawa sa Enero, ang kabayaran ay hindi saklaw na mapagkukunan sa Pebrero, ngunit kabilang na mapagkukunan sa Marso para sa SSI.³⁵

ii. Mga kabayaran sa IHSS na ibinayad sa mga tumatanggap ng IHSS

Ang mga kabayaran sa IHSS na ibinigay sa isang tumatanggap ng IHSS upang bayaran ang mga serbisyong IHSS ay hindi kabilang sa kita para sa pagiging karapat-dapat sa SSI ng tumatanggap.³⁶ Hindi rin ito saklaw bilang mapagkukunan para sa buwan kasunod ng pagtanggap.³⁷ Gayunpaman, kabilang ito sa mapagkukunan sa ikalawang buwan kasunod ng pagtanggap.³⁸ Halimbawa, kung ang kabayaran sa IHSS ay ibinigay sa isang tumatanggap ng IHSS sa Enero, ang kabayaran ay hindi saklaw na mapagkukunan sa Pebrero, ngunit kabilang sa mapagkukunan sa Marso.

c. Mga hindi umuulit na kabayaran ng kabuuang halaga sa segurong panlipunan

Kabilang sa mga hindi paulit-ulit na kabayaran ng kabuuang halaga sa segurong panlipunan ang mga benepisyong sa pagretiro sa tren, mga benepisyong ng mga beterano, kabayaran ng manggagawa, at mga benepisyong sa seguro sa kapansanan.³⁹ Sa ilalim ng SSI, ang mga benepisyong ito ay hindi pinagtrabahuang kita sa buwan na tinatanggap mo ang mga ito at kabilang na mapagkukunan sa susunod na buwan.⁴⁰ Mahalagang tandaan na ang Segurong Panlipunan ay maaaring kabilang na mapagkukunan ng humigit-kumulang sa hindi pinagtrabahuang kita na talagang natanggap mo, at magkaiba ang mga patakaran depende sa iyong sitwasyon.⁴¹

Halimbawa mula sa 20 Kodigo ng Pederal na ma Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) § 416.1123: Si Joe, na isang benepisyaryo ng SSI, ay karapat-dapat din sa mga benepisyo sa segurong panlipunan sa halagang \$200 bawat buwan. Gayunpaman, dahil sa naunang sobrang bayad sa kanyang mga benepisyo sa segurong panlipunan, ang \$20 bawat buwan ay binimbin upang mabawi ang sobrang bayad. Sa pagkalkula ng halaga ng kanyang mga benepisyong SSI, ang buong buwanang benepisyo sa segurong panlipunan na \$200 ay kasama sa hindi pinagtrabahuang kita ni Joe. Gayunpaman, kung tumatanggap si Joe ng parehong mga benepisyo nang naganap ang sobrang bayad sa segurong panlipunan, samakatuwid isinama ang sobrang bayad na halaga bilang kita, kakalkulahin ang kanyang benepisyo sa SSI na batayan ng pagtanggap ng \$180 bilang benepisyo sa segurong panlipunan. Ito ay dahil sa kinikilala natin na kinakalkula natin ang kanyang benepisyo sa SSI batay sa mas mataas na halaga nang siya ay binayaran nang sobra.

d. Kapalit ng kita o mapagkukunan

Ang ilang mga bagay na iyong tinanggap ay kabilang sa kita nang isang beses sa isang anyo o iba pa. Upang maiwasan ang dobleng pagkabilang, ang mga bagay na ito ay hindi kabilang sa kita para sa SSI. Halimbawa, ang ilang pagsasauli ng ibinayad ay hindi kita⁴² o hindi saklaw sa kita.⁴³ Ang mga kabayaran ng seguro sa buhay at kapansanan ay hindi kita.⁴⁴

Ang perang hiniram mo o perang natanggap mo bilang muling pagbayad ng utang ay hindi kita ngunit isang mapagkukunan.⁴⁵ Dagdag pa, ang ilang mga bagay na iyong matanggap ay hindi kita ngunit mapagkukunan. Halimbawa, kita mula sa pagbenta, kahalili o kapalit ng isang mapagkukunan (tulad ng pagbenta ng kotse) ay hindi kita ngunit mapagkukunan.⁴⁶ Tulad ng ipinaliwanag sa bahagi ng Mapagkukunan sa itaas, ang mga bagay na ito ay itinuturing na mga mapagkukunan sa unang pagkakataon ng buwan kasunod ng pagtanggap. Kung hihiram ka ng pera sa Setyembre, hindi ito ituturing na kita sa Setyembre, ngunit ituturing na mapagkukunan sa unang pagkakataon sa Oktubre.

Kung tatanggap ka ng pera para sa layunin ng pagpapagawa o pagpapalit ng hindi saklaw na mapagkukunan, tulad ng iyong bahay, na nawala, nasira, o ninakaw, mayroon kang 9 na buwan mula sa petsa na natanggap mo ang pera sa pagpapagawa o pagpapalit ng mapagkukunan bago ituturing ang pera bilang isang mapagkukunan.⁴⁷ Maaari itong pahabain ng

9 na buwan kung nagpakita ka ng mabuting dahilan.⁴⁸ Kung hindi, ang pera ay magiging kabilang na mapagkukunan.⁴⁹ Nagiging kabilang na mapagkukunan rin ang pera kung papalitan mo ang iyong layunin na magpagawa o magpapalit ng ari-arian.⁵⁰

e. Hindi saklaw na kita at mga mapagkukunan

Ang ilang mga bagay ay hindi kabilang sa kita o mapagkukunan sa anumang paraan. Ang tulong sa sakuna ay isang halimbawa ng isang bagay na inuuri bilang “hindi pinagtrabahuang kita” ngunit hindi saklaw mula sa iyong pagtutukoy ng kita, at hindi rin saklaw mula sa iyong limitasyon ng mapagkukunan.⁵¹ Isa pang halimbawa ay ang mga kabayaran na ibinigay sa iyo ng pamahalaang estado o lokal kung ikaw ay biktima ng krimen.⁵²

f. Ibang mga kabayaran ng kabuuang halaga

Kung tatanggap ka ng anumang uri ng kabayaran ng kabuuang halaga (halimbawa, isang pamana, regalo, kabayaran sa seguro sa buhay, o bono mula sa trabaho), ito ay magiging kabilang sa kita sa buwan na natanggap mo ito at kabilang sa mapagkukunan sa susunod na buwan.⁵³

9. Paano ko gagastusin ang kabayaran ng kabuuang halaga?

Kung tatanggap ka ng kabayaran ng kabuuang halaga, maaari mong gastusin ang pera. Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng paggastos ng pera sa isang hindi saklaw na mapagkukunan, tulad ng bahay, kotse, mga gamit sa bahay at personal na mga gamit, pangunahing gamit para sa sariling pagsuporta, matagalang seguro sa buhay, o itabi ang pera sa isang Plano sa Pagtamo ng Sariling Pagsuporta (PASS, Plan to Achieve Self Support).⁵⁴

Dagdag pa, kung tatanggap ka ng kabuuang halaga at ibigay ito sa mas mababa kaysa sa makatarungang halaga sa merkado, maaaring hindi ka magiging karapat-dapat para sa SSI nang hanggang 3 taon. (Ang pagtalakay ng isyung ito ay lampas sa saklaw ng talaang ito.) Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa <https://secure.ssa.gov/apps10/poms.nsf/lnx/0501150007>.

10. Paano naman ang mga trust at mga ABLE na account?

Kung tatanggap ka ng malaking kabayaran ng kabuuang halaga, maaari mong ilipat ang pera sa isang trust o ABLE na Account.

a. Mga trust

Maaaring isang opsyon ay ilagay ang bahagi o lahat ng pera sa tinatawag na OBRA Trust – tulad ng pinagsamang trust – upang magagamit mo ang pera sa pagpapabuti ng kalidad ng iyong buhay nang hindi nawawala ang iyong mga benepisyo.⁵⁵

Maaari ka ring magtatag ng Trust para sa Ispesyal na mga Pangangailangan (Special Needs Trust.)⁵⁶ Ang mga pagbabago sa batas sa Trust para sa Ispesyal na mga Pangangailangan ay ginagawang posible para sa benepisyaryo ng trust para sa may kapansanan upang magtatag ng nasabing trust para sa kaniyang sarili, sa halip na atasan ang magulang, lolo o lola, legal na tagapag-alaga ng benepisyaryo, o isang korte upang magtatag ng nasabing trust.⁵⁷ Ang pagbabagong ito ay may bisa para sa mga trust na itinatag noon o pagkatapos ng Disyembre 13, 2016.⁵⁸ Mahalagang tandaan na ang trust ay dapat binuo para sa benepisyaryo bago sila tumuntong ng 65 taong gulang.⁵⁹

Upang malaman ang higit pa tungkol sa mga ito at ibang mga opsyon, iminumungkahi namin na makipag-ugnayan ka sa Mga Tagataguyod ng Pagbabago sa Tahanan ng Pangangalaga sa California (California Advocates for Nursing Home Reform) – www.canhr.org – para sa payo at pagsangguni sa abogadong nagpakatangi sa mga larangang ito.⁶⁰

b. Mga ABLE na Account

Maaari mo ring tingnan sa website ng Ingat-Yaman ng Estado ng California ang impormasyon tungkol sa mga CalABLE na account. Makikita sa: <http://treasurer.ca.gov/able>.⁶¹ Kung ikaw ay magkaroon ng kapansanan bago tumuntong sa edad na 26 taong gulang, maaari kang maka-ipon ng hanggang \$14,000 bawat taon, at hanggang \$100,000 sa kabuuan sa isang account ng pag-iipon na may pakinabang sa buwis na tinatawag na ABLE na account bago maapektuhan ang iyong SSI o Medi-Cal.⁶² Ibig sabihin, kung makapag-ipon ka ng pera sa isang ABLE na account, ang limitasyon sa kabilang na mapagkukunan ay hindi naaangkop sa iyo para sa SSI o MediCAL hanggang \$100,000. Dagdag pa, maaaring mayroon ka

ng parehong ABLE na account at Trust para sa Ispesyal na mga Pangangailangan.

Ang mga pamamahagi mula sa iyong ABLE na account ay hindi kabilang sa kita, at maaari mong gamitin ang pera mula sa iyong ABLE na account upang gastusin sa kwalipikadong mga gastos, tulad ng pabahay, transportasyon, at pangangalagang pangkalusugan.⁶³ Isa pang benepisyo ng ABLE na account ay makatanggap ka ng pamamahagi mula sa account at hindi ito kabilang sa mapagkukunan hangga't itinatabi mo ang halaga upang bayaran ang kwalipikadong gastos⁶⁴ sa kapansanan na hindi kaugnay sa pabahay. Halimbawa, kung magwithdraw ka ng \$500 mula sa iyong account sa Hunyo upang bayaran ang inaasahang medikal na gastos na mangyayari sa Setyembre, ang \$500 ay hindi kabilang sa mapagkukunan para sa Hunyo, Hulyo, Agosto o Setyembre.⁶⁵

11. Kailangan ko bang iulat ang pera sa SSA?

Oo. Kailangan mong ipaalam sa Segurong Panlipunan ang tungkol sa kabayaran sa lalong madaling panahon na natanggap mo ito ngunit hindi lalampas sa ika-10 araw ng buwan pagkatapos ng buwan na natanggap mo ito.⁶⁶ Halimbawa, kung natanggap mo ang kabayaran sa Disyembre, kailangan mong ipaalam sa Segurong Panlipunan ang tungkol dito bago ang ika-10 ng Enero.

12. Ano ang dapat kong gawin kung makatanggap ako ng kabayaran sa kabuuang halaga?

Kung makatanggap ka ng kabayaran sa kabuuang halaga, laging pinakamainam na kumausap sa isang tagataguyod o abogado na nakakaunawa ng pagiging karapat-dapat sa SSI at epekto ng kabuuang halaga sa pagiging karapat-dapat sa SSI.

[Nais ka naming pakinggan! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung ano ang lagay ng ang aming serbisyo!](#)

<https://docs.google.com/forms/d/1d6ezTI2M5UMAWU66exLbc1SQ9wDPzvtuS3AGR4-cgwE/viewform?c=0&w=1>

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.

¹ 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon (C.F.R, Code of Federal Regulations) § 416.1102; Sistema sa Manwal ng Programa ng Operasyon (P.O.M.S., Program Operations Manual System) SI 00810.005, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0500810005>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

² <https://www.ssa.gov/ssi/text-income-ussi.htm>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³ P.O.M.S. SI 00820.001, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0500820001>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴ [Ang mga patakaran para sa pinagtrabahuang kita ay inilarawan sa 20 C.F.R. § 416.1110 hanggang 416.1112.](#) [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁵ P.O.M.S. SI 00830.001, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0500830001>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁶ Ang katulad na suporta at pagpapanatili (ISM, In-Kind Support and Maintenance) ay hindi pinagtrabahuang kita sa anyo ng pagkain o tirahan,

o pareho. P.O.M.S. SI 00835.001, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0500835001>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁷ Ang mga patakaran para sa hindi pinagtrabahuang kita ay inilarawan sa 20 C.F.R. § 416.1120 hanggang 416.1124. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁸ 20 C.F.R. § 416.1103. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁹ P.O.M.S. SI 00815.001, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0500815001>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁰ Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa <https://www.ssa.gov/oact/cola/incomexcluded.html>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹¹ Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa <https://www.ssa.gov/oact/cola/incomexcluded.html>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹² Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa <https://www.ssa.gov/oact/cola/incomexcluded.html>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹³ Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa <https://www.ssa.gov/ssi/text-Mga-Mapagkukunan-ussi.htm>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁴ 20 C.F.R. §§ 416.1207(d) at 416.1205(c). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁵ P.O.M.S. SI 01140.200.G.3, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0501140200>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁶ *Tingnan ang* panghuling tala 19 sa ibaba tungkol sa karagdagang hindi saklaw na mga mapagkukunan kaugnay sa sariling pagtrabaho o negosyo

o mga bagay na ginamit bilang empleyado tulad ng pangalawang kotse.
[“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁷ 20 C.F.R. § 416.1210 (pangkalahatang mga hindi saklaw mula sa mga mapagkukunan). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁸ *Tingnan ang* panghuling tala X tungkol sa mga pagbabago sa batas na nakaaapekto sa 20 C.F.R. § 416.1222. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

¹⁹ Para sa mga patakaran tungkol sa pagpapalagay ng mga mapagkukunan, tingnan ang 20 C.F.R. §§ 416.1202, 416.1203, at 416.1204. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

²⁰ Pinalawak ng Batas sa Omnibus na Pagkakasundo ng Badyet ng 1989 (OBRA, Omnibus Budget Reconciliation Act of 1989) ang hindi pagsaklaw ng ari-ariang kinakailangan para sa sariling pagsuporta sa pamamagitan ng pagtanggali ng anumang limitasyon sa dolyar o tubo, kabilang ang mga account ng pera ng negosyo, at pati ang hindi saklaw na ari-ariang ginagamit ng isang empleyado sa trabaho. Seksyon 8104 ng Lat.L. 101-239, may bisa noong Mayo 1990, sinistema sa 42 Kodigo ng Estados Unidos (U.S.C., United States Code) § 1382b(a)(3), at pagsawalang-bisa ng kasalungat na mga probisyon sa 20 C.F.R. §§ 416.1220 at 416.1222. Halimbawa, ang pangalawang sasakyan ng pamilya ay maaaring hindi saklaw kung ginagamit sa trabaho kabilang ang para sa pagsundo o paghatid ng mga gamit, pagpunta sa mga pagpupulong sa ibang mga lokasyon. Maaaring pangatwiranan na ang pangalawang sasakyan ay dapat hindi saklaw kapag kinakailangan sa pagpunta sa at pag-uwi mula sa trabaho. Gayunpaman, walang legal na awtoridad para rito. Sa 28 taon simula ng pagpapatibay, ang Pangangasiwa ng Segurong Panlipunan (SSA, Social Security Administration) ay hindi pa nagpanibago ng mga regulasyon. P.O.M.S. SI 0501130.500, makikita sa <https://secure.ssa.gov/apps10/poms.nsf/lnx/0501130500>, at P.O.M.S. SI 0501130.501, makikita sa <https://secure.ssa.gov/apps10/poms.nsf/lnx/0501130501>. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga hindi saklaw sa Hindi Pinagtrabahuang Kita, bumisita sa

<https://secure.ssa.gov/apps10/poms.nsf/lnx/0500830099>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

²¹ Maaari mo ring tingan ang 20 C.F.R. §§ 416.1161 at 416.1163. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

²² Maaari mo ring tingan ang 20 C.F.R. §§ 416.1161 at 416.1165. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

²³ Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa <https://www.ssa.gov/pubs/EN-05-11000.pdf>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

²⁴ Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa <https://www.ssa.gov/oact/cola/countableincome.html> at <https://www.ssa.gov/oact/cola/incomexcluded.html>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

²⁵ 20 C.F.R. §§ 416.202(c) at 416.420. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

²⁶ 20 C.F.R. § 416.420(a); P.O.M.S. SI 02005.001, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0502005001>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

²⁷ Kabilang sa mga benepisyo sa Titulo II ang seguro sa pagretiro, nakaligtas at kapansanan. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

²⁸ 20 C.F.R. § 416.1123(d); P.O.M.S. SI 00830.210, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0500830210>; tingnan rin ang P.O.M.S. SI 03020.040, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0603020040>; tingnan rin ang P.O.M.S. SI 00830.010 para sa mga hindi saklaw, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0500830010#b>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

²⁹ 20 C.F.R. § 416.1233; tingnan rin <https://www.ssa.gov/pubs/EN-05-11015.pdf>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

³⁰ 20 C.F.R. § 416.1233; tingnan rin <https://www.ssa.gov/pubs/EN-05-11015.pdf>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³¹ 20 C.F.R. § 416.1201(a)(3); 20 C.F.R. 416.1161(a)(16); P.O.M.S., Program Operations Manual System SI 01320.175(B), makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0501320175>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³² 20 C.F.R. § 416.1161(a)(16). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³³ 20 C.F.R. § 416.1201(a)(3). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³⁴ 20 C.F.R. § 416.1201(a)(3); P.O.M.S. SI 01120.112(B)(1), makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0501120112>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³⁵ Ang kabayaran ay kita sa indibidwal na nagbibigay ng pangangalaga o mga serbisyo. Kung ang hindi karapat-dapat na asawa o magulang ay tumatanggap ng mga kabayaran sa mga serbisyong pansuporta sa bahay para sa mga serbisyong ibinigay sa sinuman maliban sa kaniyang karapat-dapat na asawa o karapat-dapat na anak, ang mga kabayaran ay kabilang sa kita na nakapailalim sa pagpapalagay P.O.M.S. SI 01320.175, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0501320175>). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³⁶ 20 C.F.R. 416.1103(b)(1); Ang mga kabayaran sa mga serbisyong pansuporta sa bahay (gawain, tagapaglingkod, maybahay) ay serbisyong medikal o panlipunan at hindi kita kapag ibinayad nang direkta sa karapat-dapat na indibidwal upang ibayad para sa mga serbisyo P.O.M.S. SI 00815.050). Gayunpaman, ang kabayaran ay kita sa indibidwal na nagbibigay ng pangangalaga o mga serbisyo P.O.M.S. SI 01320.175, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0501320175>). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³⁷ 20 C.F.R. § 416.1201(a)(3). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³⁸ 20 C.F.R. § 416.1201(a)(3). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

³⁹ 20 C.F.R. § 416.1121(a). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴⁰ 20 C.F.R. §§ 416.1121, 416.1207(d). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴¹ 20 C.F.R. § 416.1123(b). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴² 20 C.F.R. § 416.1103(d). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴³ 20 C.F.R. § 416.1124(c)(1). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴⁴ 20 C.F.R. § 416.1103(e). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴⁵ 20 C.F.R. § 416.1103(f). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴⁶ 20 C.F.R. §§ 416.1103(c), 416.1207(e). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴⁷ 20 C.F.R. § 416.1232(a). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴⁸ 20 C.F.R. § 416.1232(b). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁴⁹ 20 C.F.R. § 416.1232(a). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁵⁰ 20 C.F.R. § 416.1232(d). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁵¹ 20 C.F.R. § 416.1124(c)(5) at 20 C.F.R. § 416.1210(k). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁵² 20 C.F.R. § 416.1124(c)(17) at 20 C.F.R. § 416.1210(p) (ang mga kabayaranang natanggap bilang bayad para sa mga gastos na natamo o mga kawalang dinanas bilang resulta ng isang krimen). [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁵³ 20 C.F.R. §§ 416.1104 (kabilang sa kita sa SSI), 416.1120 (hindi pinagtrabahuang kita sa SSI), 416.1207 (mga pagtutukoy ng mapagkukunan sa SSI); *tingnan rin ang* P.O.M.S. SI 00810.410, Madalang o Hindi Regular na Hindi Saklaw na Kita, makikita sa <https://secure.ssa.gov/apps10/poms.nsf/lnx/0500810410#c>. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁵⁴ 20 C.F.R. § 416.1210. [“Bumalik sa Pangunahing Dokumento”](#)

⁵⁵ P.O.M.S. SI 01120.200, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0501120200>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁵⁶ 22 Kodigo ng mga Regulasyon ng California (C.C.R., California Code of Regulations) § 50489.9. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁵⁷ Sulat sa Lahat ng mga Patnugot sa Kapakanan ng County (ACWDL, All Country Welfare Directors Letter) Blg. 17-13, makikita sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medical/eligibility/Documents/ACWDL2017/ACWDL17-13.pdf>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁵⁸ ACWDL Blg. 17-13, makikita sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medical/eligibility/Documents/ACWDL2017/ACWDL17-13.pdf>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁵⁹ 42 U.S.C. § 1396p(d)(4)(A). “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁶⁰ Pumunta rito para sa karagdagang impormasyon: http://canhr.org/publications/newsletters/NetNews/Feature_Article/NN_2007Q1.htm. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁶¹ Tingnan rin [http://treasurer.ca.gov/able/Mga Mapagkukunan/factsheets/factsheet-en-us.pdf](http://treasurer.ca.gov/able/Mga_Mapagkukunan/factsheets/factsheet-en-us.pdf) at <http://treasurer.ca.gov/able/resources/faq.pdf> para sa karagdagang impormasyon. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁶² 26 U.S.C. § 529A; P.O.M.S., Program Operations Manual System SI 01130.740, makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0501130740>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁶³ P.O.M.S. SI 01130.740(C), makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0501130740>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁶⁴ P.O.M.S. SI 01130.740(C)(5)(a), makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0501130740>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁶⁵ P.O.M.S. SI 01130.740(C)(5)(c), makikita sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/lnx/0501130740>. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

⁶⁶ 20 C.F.R. § 416.714(a). “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”